Mahalagang impormasyon para sa mga pamilyang may nagsosolong magulang

ひと、くらし、みらいのために
厚生労働省
Ministry of Health, Labour and Welfare

# Guide Tungkol sa Espesyal na Sustento Ukol sa Pagtulong sa Pamumuhay ng Mga Pamilyang Nagpapalaki sa mga Anak (Para sa mga pamilyang may nagsosolong magulang) Para sa Mga Pamilyang Nagpapalaki sa Mga Anak na Mababa ang Halaga ng Kinikita

**Para sa mga pamilyang may nagsosolong magulang, isasagawa ang pagbibigay ng bagong sustento!**

## 1. Kung sinu-sino ang kuwalipikadong tumanggap ng sustento

■Mga taong kuwalipikado sa isa sa ①~③ sa ibaba

① **Kuwalipikadong tumanggap ng child-rearing allowance para sa Abril 2022**

② **Hindi kuwalipikadong tumanggap ng child-rearing allowance para sa Abril 2022** dahil **tumatanggap ng pampublikong pensyon, o iba pa**

(Kasali sa "pampublikong pensyon, o iba pa" ang pensyon para sa naulila, pensyon para sa may kapansanan, pensyon para sa may-edad, pensiyon para sa naaksidente sa pagtatrabaho, kompensasyon para sa naulila, at iba pa.)

③ **Ang halaga ng kinikita niya ay nagiging halos pareho sa mga taong kuwalipikadong tumatanggap ng child-rearing allowance** dahil sa biglaang pagbabago ng pinansyal na kalagayan ng pamilya sa epekto ng COVID-19, o sa iba pang dahilan

## 2. Halaga ng sustento

Pare-parehong **50,000 yen** para sa bawat bata

■**Nakalagay sa likod nito ang tungkol sa proseso para tumanggap ng sustento. Siguraduhing basahin ang impormasyong iyon.**

*Kung may tanong, pakisuyong tumawag sa numero ng telepono sa ibaba.

■ **Call center ng Ministry of Health, Labour and Welfare**

**0120-400-903 (Oras para sa pagtawag: 9:00~18:00 sa weekday)**

○ **Tungkol sa detalye ng paraan ng pag-aaplay, pakisuyong magtanong sa counter ng munisipyong inyong tinitirahan na nag-aasikaso sa "Espesyal na Sustento Ukol sa Pagtulong sa Mga Pamilyang Nagpapalaki sa mga Anak (Para sa mga pamilyang may nagsosolong magulang)" .**

## 3. Proseso para tumanggap ng sustento

### ■ Kuwalipikadong tumanggap ng child-rearing allowance para sa Abril 2022 (kuwalipikado sa 1-① sa harap nito)

▶ **<u>Hindi kailangan ng pag-aaplay</u>** para tumanggap ng sustento.

▶ **Sa mga Hunyo**, ihuhulog ito sa inyong bank account na pareho sa ginagamit ninyo para tumanggap ng child-rearing allowance para sa Abril 2022.


**[Mag-ingat!]**
* Kung hindi ninyo gustong tumanggap ng sustentong ito, ibalik sa amin ang abiso para tumangging tumanggap ng sustento.
* Kung posibleng magkaroon ng problema sa pagtanggap ng sustento dahil sa pagsasara ng bank account na itinalaga para sa pagtanggap ng child-rearing allowance, o sa ibang dahilan, gumawa ng proseso tulad ng pagbabago ng account na italaga para sa bank transfer.

### ■ Iba pa (kuwalipikado sa <u>isa sa 1-② o ③</u> sa harap nito)

▶ **<u>Kailangan ng pag-aaplay</u>** para tumanggap ng sustento.

▶ Isulat sa application form ang account para sa bank transfer, at iba pang impormasyon. Pagkatapos, isumite sa **mismong counter** ng ○○ City o sa **koreo** ang application form at mga dokumentong kailangan.

▶ Pagkatapos tiyakin ang nilalaman ng application form, ita-transfer **agad hangga't maaari** ang sustento sa account na itinalaga para sa mga taong kuwalipikado sa mga kahilingan para tumanggap ng sustento.




**Mag-ingat sa "pandaraya sa bank transfer" at "pagnanakaw ng personal na impormasyon" may kinalaman sa "Espesyal na sustento ukol sa pagtulong sa pamumuhay ng mga pamilyang nagpapalaki sa mga anak para sa mga pamilyang nagpapalaki sa mga anak na mababa ang halaga ng kinikita".**

Kapag tumanggap kayo sa inyong bahay, lugar ng trabaho, o sa iba pa ng kaduda-dudang pagtawag sa telepono o sulat mula sa mga nagpapanggap na mula sa prefecture, munisipyo, Ministry of Health, Labor and Welfare, at iba pa (o tauhan ng mga ito), pakisuyong kumontak sa munisipyong inyong tinitirahan, pinakamalapit na istasyon ng pulis (o sa numero ng telepono para kumonsulta sa pulis (#9110)).